PABUWIS PARA SA MGA PARKE AT BUKIRIN
Mga Kriteryon Para sa Proyektong Isasailalim sa Opportunity Fund

Mayroong $7 milyon dito sa unang yugto ng pagpopondo ng mga Proyekto ukol sa Pagtatatag at Pagkukuha ng Parke na sinuri gamit ang mga kriteryong nasa ibaba sa pamamagitan ng isang proseso ng pagpili.

***Liham para sa Panukalang Proyekto* na dapat isumite sa Pebrero 1, 2010**
***Aplikasyon para sa Proyekto* na dapat isumite sa Abril 2, 2010**

Sisikapin ng Komite ng Mamamayan para sa Pangangasiwa ng Pabuwis ng mga Parke at Bukirin ang karampatang pamimigay ng mga dolyares mula sa Opportunity Fund. Tanging mga proyekto lamang na nagreresulta sa pagkakamit ng puwesto o sa lubos na nabuong proyekto ang isasaalang-alang para pondohan.

Mga Rekisito ng Proyekto

1. Dapat nasa propyedad na madaling puntahan ng madla ang mga proyektong pangkaunlaran.

2. Dapat may tamang laki at katangian ang proyekto upang makapagdulot ng mapakinabangang mga parke, libangan o malawak na espasyo. Para sa mga proyektong pangkaunlaran, ang saklaw ng ipinagkakaloob na proyekto ay $200,000 hanggang $750,000. Para sa mga proyektong pagtatatag, ang ipinagkakaloob ay hanggang $1,500,000 at dapat hindi bababa sa 10,000 pi. kdo. (humigit-kumulang) ang sukat.

Mga Paunang Kriteryon

Sa pangkalahatan, bibigyan ng priyoridad ang mga proyektong pinakamahusay tumugon sa mga Pgunang Kriteryon.

3. Napasailalim na ang proyekto sa pampublikong proseso ng pagrerepasa o naaalinsunod sa isang aprobadong plano, tulad ng: isang planong pampook, plano para sa *watershed ,*plano para sa pagpapangasiwa ng behetasyon, o pinunong plano para sa mga Parke.

4. Dapat hindi hahantong ang proyekto sa mas malaking gastusin sa operasyon at pagmementena para sa lungsod. *(Hindi inaaplay sa mga pagkukuha ng proyekto).*

5. Dapat maipakita ng proyekto ang isang mataas na antas ng kaabalahan at suporta ng komunidad, o naipakitang pangangailangan.

Mga Kriteryon ng Pagsusuri

Bukod sa mga Pangunang Kriteryo, ihahanay ang mga proyekto sa pamamagitan ng mga sumusunod na mga Kriteryo sa Pagsusuri.

6. Naipapakita ba ng proyekto ang mga bago at malikhaing pamamaraan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng komunidad para sa mga parke, bukirin at berdeng imprastraktura? *(20 puntos)*

7. Ang proyekto ba ay isang pambiihirang pagkakataong mawawala kapag walang aksyong gagawin ngayon? *(20 puntos)*

8. Nakakatugon ba ang proyekto sa isang kakulangan ng parke, libangan o malawak na espasyo (tulad ng pagkabalangkas sa Parks 2006 Open Space Gap Analysis), o sa isang pook na kulang sa serbisyo? *(20 puntos)*

9. Ang proyekto ba ay nasa isang lugar na dumaranas ng pag-unlad lalung-lalo na sa isang urbang nayon o sentro ng urbanidad? *Bibigyan ng priyoridad ang mga proyektong nasasaklaw ng hangganan ng isang urbang nayon na may kakulangan sa malawak na espasyo. (15 puntos)*

10. Nakakatulong ba ang proyekto sa paglutas ng mga pangunahing hamong hinaharap ng ating komunidad, tulad ng pagbabago ng klima, ang kalusugan ng ating mga dalluyan ng tubig, o pangangasiwa ng pag-unlad? *(15 puntos)*

11. May kakayahan ba ang proyektong mapakilos ang ibang kaparaanan mula sa ibang ahensya-publiko, o pondo mula sa mga kasosyong publiko, pribado o pilantropiya? *(10 puntos)*